# PANTAYONG PANANAW AT PANININDIGANG PULITIKAL



JOSE MARIO D. DE VEGA
may-akda

WENSLEY M. REYES
ALVIN D. CAMPOMANES
mga patnugot

# PANTAYONG PANANAW AT PANININDIGANG PULITIKAL

Karapatang-ari 2021

**Limbagang Pangkasaysayan**
Ermita, Manila, Philippines

ISBN 978-971-91975-9-1 (Paperback)
ISBN 978-621-96562-0-7 (PDF)

**RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN.** Nasa mga may-akda at tagapaglathala ang lahat ng karapatan sa publikasyong ito. Hindi maaaring kopyahin o sipiin ninuman sa anumang paraan ng paglimbag ang anumang bahagi ng publikasyong ito nang walang pahintulot sa mga may karapatang-ari.

**Jose Mario D. De Vega**
***may-akda***

**Wensley M. Reyes**
**Alvin D. Campomanes**
***mga patnugot***

Disenyo ng Pabalat: Haela F. Cueto
Krokis ng Kamao: Roderick "Derrick" C. Macutay
Pagsasaaklat: Atoy M. Navarro

Inilathala ng
**Limbagang Pangkasaysayan**
Ermita, Manila, Philippines
limbagkas@gmail.com

# Nilalaman

**Paunang Salita** i
*Nilo S. Ocampo, Ph.D.*

***Pambungad ng Patnugot***
**Pasasaan ang Pantayong Pananaw sa Paninindigang Pulitikal?** 1
*Wensley M. Reyes, Ph.D.*

***Tampok na Artikulo***
**Ang Kakulangan ng Pantayong Pananaw at ang Panganib ng Kanan Nitong Tendensiya at ang Pagpapalakas ng Kaliwa Nitong Elemento Tungo sa Sosyalistang Lipunang Pilipino** 9
*Jose Mario D. De Vega*

***Mga Komentaryo***
**Pagpapasiglang Muli ng Talastasang Bayan Ukol sa Pantayong Pananaw** 61
*Ma. Crisanta Nelmida-Flores, Ph.D.*

**Pagtatalaban ng Kalinangan, Kaginhawahan, at Kapangyarihan: Tungo sa Sosyalistang Pantayong Pananaw** 76
*Atoy M. Navarro*

**Pantayong Pananaw: Kakaliwa, Kakanan o Didiretso?** 88
*Mark Joseph P. Santos*

**Pantayong Pananaw para sa Mas Inklusibong Kasaysayan** 97
*Michael Charleston "Xiao" B. Chua*

**Ang Hamon sa Pantayong Pananaw sa Harap ng Krisis sa Klima at Ekolohiya** 110
*S. Lily Mendoza, Ph.D.*

**Ilang Repleksyon sa Pancasila ng Indonesia at Pantayong Pananaw ng Pilipinas** 128
*Ramon G. Guillermo, Ph.D.*

***Tugon ng Tampok na May-akda*** 139
**Hindi Pa Tapos na Pagpupunyagi**
*Jose Mario D. De Vega*

**Malayang Talastasan Ukol sa Pantayong Pananaw at Paninindigang Pulitikal** 149
*Alvin D. Campomanes*

**Pagmumuni sa mga Direksyon ng Diskurso at Paninindigang Pulitikal ng Pantayong Pananaw (Pag-uugnay at Paglalagom)** 176
*Adonis L. Elumbre*

**Tala Ukol sa mga Kontribyutor** 197

# Pantayong Pananaw: Kakaliwa, Kakanan o Didiretso?

*Mark Joseph P. Santos*

Kung maglalatag tayo ng ispektrum ng mga kritikang naisulat sa Pantayong Pananaw (PP), ganito marahil ang maaari nating gawin. Sa negatibong panig ay matatagpuan ang mga dekonstruktibong kritika sa PP tulad ng sinulat nina Ma. Serena Diokno (1997), Lisandro Claudio (2013), at Caroline Hau (2014). Ang dekonstruktibong kritikang ito ay walang simpatya sa PP bilang isang eskwela. Kalimitang negatibo ang nakikita ng ganitong kritika sa PP. Mauunawaan ito dahil limitado ang pakikisalamuha at pakikipag-ugnay nila sa mga proponente ng PP. Samantala, sa positibong panig ay matatagpuan naman ang mga konstruktibong kritika sa PP, na kinabibilangan nina Ramon Guillermo (1999, 2009), S. Lily Mendoza (2006), Portia Reyes (2008), at Rommel Curaming (2016). Mas balanse ang kritika ng kampong ito sa PP. Liban sa mga kahinaang nababanaag sa PP, kinikilala rin nila ang mga mapagpalayang potensyal nito bilang isang pananaw. Kauna-unawa rin marahil dahil hindi tulad nina Diokno, Claudio, at Hau, mas may tuwirang kaugnayan kay Zeus Salazar sina Guillermo, Mendoza, Reyes, at Curaming.

Sa ispektrum na ito ng mga kritika sa PP, maihahanay ko ang kasalukuyang kritika ni De Vega sa kampo nina Guillermo, Mendoza, Reyes, at Curaming. Hindi rin nakapagtataka dahil sa personal na kaugnayan niya kay Salazar. Sa partikular, nakasakay ang kritika ni De Vega sa isang matayog na bangka, na 1999 pa sinimulang

buuin ni Guillermo sa kanyang tesis masteradong may pamagat na "Pook at Paninindigan sa Pagpapakahulugan: Pag-uugat ng Talastasang Sosyalista sa Kalinangang Bayan" (Guillermo 1999). Kung tutuusin, bagaman maselan marahil, hindi naman kontrobersyal ang kritika ni De Vega. Marami sa kanyang mga nabanggit sa sanaysay ay nauna nang naipahayag noon ni Guillermo, gayundin ni Nancy Kimuell-Gabriel (2017) sa isang artikulo nitong huli ukol sa isyu ng paninindigang pulitikal sa konteksto ng PP. Sa aking palagay, isa sa natatanging aspekto ng kritika ni De Vega ay ang pagiging eksplisito nito sa paggigiit na dapat kumaliwa ang PP. Bagaman makikita na rin ang ganitong mensahe kina Guillermo (1999) at Kimuell-Gabriel (2017), medyo implisito lamang ang kanilang paglalahad. Halimbawa, kontento na si Kimuell-Gabriel (2017, 46) sa kanyang artikulo na magsabing maaaring maging magkaibigan ang PP at Kaliwa, yamang pinagbibigkis sila ng iisang layunin—ang pag-ibig sa bayan. Mas malumanay ito at implisito, dahil may pagkilala pa rin sa awtonomiya kapwa ng PP at Kaliwa bilang posibleng magkaibigan. Muli, ito ang natatangi sa kritika ni De Vega—ang pagiging eksplisito at agresibo nito sa panawagan na dapat kumaliwa ang PP kung nais nitong manatiling makabuluhan.

Nagsagawa si De Vega sa kanyang papel ng paghahanay-hanay sa mga proponente ng PP sa ispektrum ng Kaliwa, Gitna, at Kanan. Sa Kaliwa ay inilagay niya sina Guillermo, Atoy Navarro, Kimuell-Gabriel, Myfel Paluga, Adonis Elumbre, Joel Malabanan, Roland Abinal Macawili, at ang kanyang sarili. Sa Gitna niya inihanay si Salazar at ang tinagurian niyang mga "disipulo" nito. Sa Kanan naman ay inilista niya ang pangalan nina Vicente Villan, Van Ybiernas, Jose Rhommel Hernandez, at Efren Isorena. Hindi ko sigurado kung

gaano sasang-ayon o tatanggi ang mga taong pinangalanan niya, pero sa aking opinyon, makatwiran naman ang paghahanay-hanay na ito. Medyo curious ako kung saan eksakto maihahanay ang iba pang proponente ng PP tulad nina Wensley Reyes, Xiao Chua, at Alvin Campomanes, halimbawa. Sa ganang akin, sa Gitna ko siguro maihahanay ang aking sarili, kasama ni Salazar at iba pang kapwa ko nakababatang kasapi ng eskwelang ito. Pero kung pipilitin talaga akong pumili sa pagitan lamang ng Kaliwa o Kanan, siyempre ay kakampi ako sa Kaliwa. Malapit marahil ang posisyon ko sa tindig ni Melba Padilla Maggay na isang makabayang Kristiyano. Ang identidad niya ay pangunahing binubuo ng dalawang elemento: nasyonalismo at Kristiyanismo. Ngunit bagaman hindi Kaliwa si Maggay, kaibigan ang tingin niya sa mga nasa Kaliwa, na itinuturing niyang kapanalig sa proyekto ng pagbabagong panlipunan. Mababanaag ang ganitong posisyon niya sa kanyang akdang *Transforming Society: Reflections on the Kingdom and Politics* (Maggay 2004). Ganito rin ang aking tindig. Hindi ko inihahanay ang sarili ko sa kanila, pero itinuturing ko silang kapanalig, lalo na sa harap ng kasalukuyang banta ng Dutertismo.

Yamang kababanggit pa lamang ng Dutertismo, sa palagay ko ay isang kritikal na yugto ito sa kasaysayan ng PP bilang isang eskwela. Bagaman tayo sa disiplina ng Kasaysayan ay nakatuon lamang sa nakaraan at ang saysay nito sa kasalukuyan, at wala tayong metodo ng pag-alam ukol sa hinaharap, susubukan ko pa ring magbigay ng isang bara-barang prediksyon—ilang dekada mula ngayon, kapag sinulat muli ang kasaysayan ng PP, sa peryodisasyon ng kasaysayan nito, tiyak na ituturing na mahalagang ikutang pangyayari ang panahon ni Rodrigo Duterte. Isa sa paboritong linya ni Salazar ukol kay Duterte ay ang pagsasabi na ang

presidenteng ito ay mapangwasak ng bayan. Gusto kong idagdag na hindi lang sa bayan mapangwasak o mapanghati si Duterte, kundi pati sa mga akademikong kilusan tulad ng PP. Bagaman noon pa makikita ang ilang indikasyon ng Kaliwa at Kanang tendensiya ng PP, sa panahon lamang ni Duterte mas naging hayagan ang banggaan ng dalawang ito. Sa panahon ng Dutertismo ay nahaharap ang PP sa isang sangang-daan. Ito'y isang kritikal na yugto kung saan magpapasya ang PP kung saang direksyon ito tutungo: kakaliwa, kakanan, o didiretso?

Sa aking pagtataya, hindi kakaliwa, hindi kakanan, at hindi rin didiretso ang PP bilang isang buong eskwela. Sa ibang salita, wala itong pipiliin bilang isang buong kilusan. Mas posible pa ang patuloy na pagkakahati-hati nito sa tatlong magkakaibang kampo. Huwag naman sana, pero kung si Sara Duterte ang mananalo sa 2022 (na isang malaking sumpa), tiyak na mas titindi ang pagkakahati sa loob ng PP. Ang mga nasa Kanan ay patuloy na mananatili sa Kanan. Mas titindi ang kanilang paninindigan na ang mga Duterte ang iniluklok ng bayan batay sa kanilang kalooban. Mas yayabong pa marahil ang kanilang paggamit sa kalinangang bayan bilang instrumento ng pagbibigay-basbas sa mga Duterte. Ang mga proponente ng PP na nasa Kaliwa ay magpapatuloy sa radikal na paninindigan laban sa Kanan at sa pinapanginoon nito sa Malacañang. Gayundin, patuloy na mayroong poposisyon sa Gitna kasama ni Salazar.

Nabanggit ni De Vega na kailangang pumili ni Salazar bilang proponenteng orihinal sa pagitan ng Kanan at Kaliwa. Alam marahil nating lahat ang magiging tugon ni Salazar dito. Tiyak na mananatili siya sa Gitna. Tiyak ito, dahil kung hindi siya natinag sa kanyang posisyon

sa konsistent na kritika ni Guillermo ukol sa paksang ito, hindi rin siya matitinag sa kasalukuyang kritika ni De Vega. At sa palagay ko, taliwas sa layunin ni De Vega, hindi naman kailangan na pilitin si Salazar na pumili upang maging malinaw ang direksyon ng PP sa hinaharap. Tama si Guillermo (2003) sa kanyang ipinahayag sa "Exposition, Critique and New Directions for Pantayong Pananaw," na bagaman si Salazar ang Ama ng PP, malaki na ang PP bilang kanyang anak, at hindi na lamang ito limitado sa kanya. Ang ibig lamang niya marahil sabihin ay malawak na ang PP, at marami nang *nuance* sa hanay ng mga proponente nito. Samakatwid, ang direksyon ng PP bilang isang eskwela ay hindi na lamang nakabatay sa sariling pagpapasya ni Salazar. Malaki na rin ang impluwensyang magagawa ng pagpapasya ng ibang proponente tulad nina Navarro, Kimuell-Gabriel, Villan, at iba pa sa magiging direksyon nito sa hinaharap. Ang magiging anyo ng PP ay nakasalalay rin sa paninindigan hindi lamang ng mga kasalukuyang kasapi nito, kundi maging ng mga magiging kasapi pa nito sa hinaharap.

Si Salazar bilang Ama ng PP ay tulad rin nina Rizal at Bonifacio bilang mga ama ng ating bansa. Bagaman sina Rizal at Bonifacio ang nagpasimula ng bansa, hindi na nila hawak ang kasalukuyang direksyon nito. Maaaring lumitaw ang mga pinuno na ang tindig ay identikal sa tindig nila, at samakatwid ay maipagpapatuloy ang orihinal na layunin nila. Maaari ring lumitaw ang mga pinunong taliwas ang tindig sa orihinal na layunin nina Rizal at Bonifacio. Ngunit anu't ano pa man ang maging direksyon ng Pilipinas, may pagkakatulad man o may pagkakaiba sa orihinal na layunin nina Rizal at Bonifacio, isa lang ang sigurado, patuloy na iiral ang Pilipinas. Gayundin naman, dahil wala tayong metodo ng pag-alam ukol sa hinaharap, hindi rin tayo sigurado

sa kinabukasan ng PP bilang isang eskwela. Maaari itong kumaliwa, kumanan, o gumitna. Maaari ring magpatuloy ang kasalukuyan nitong estado bilang isang buong eskwela na binubuo ng mga taong may magkakaibang paninindigan. Maaari ring tuluyan itong mabiyak at magluwal ng magkakaibang kilusan na magkakalaban. Sa pakikipanayam sa kanya ni Kimuell-Gabriel, sinabi ni Salazar na hindi niya rin sigurado ang hinaharap ng PP. Aniya, isa lang ang malinaw sa kanya: susunod ang PP sa kung saan ito dadalhin ng bayan. Nakaugnay rito ang isa niyang sinabi noong 2018 sa isang kwentuhan sa Polytechnic University of the Philippines (PUP) noong naimbitahan siyang magturo roon: "kahit sinong Pontio Pilato ka, kung kalaban ka ng bayan ko, kalaban kita."

Sa ganang akin, hindi ako gaanong nababahala kung ang PP ba ay gigitna o kakaliwa bilang isang eskwela. Bukas ako sa dalawang direksyong ito. Ang tanging tututulan ko lamang ay ang pagkanan nito, tulad ng ginagawa ni Villan sa kasalukuyan. Kung pipiliin ng bayan na kumaliwa, sa palagay ko ay dapat ding kumaliwa ang PP. Kung hindi pipiliin ng bayan ang Kaliwa, sa palagay ko ay dapat itong manatili sa Gitna. Ngunit kung pipiliin ng bayan ang Kanan, at naniniwala akong makakasama sa bayan ang pagkanan, tututulan ko ang pagkanan ng PP. Sumasang-ayon ako kay Kimuell-Gabriel sa kanyang sinabi:

> Kung pipiliin halimbawa ng bayan na tumalon sa bangin para malaman kung ito ay malalim, hindi ba natin pipigilan ang bayan na gawin ito at ipapakita sa kanya na pwedeng malaman na malalim ang bangin nang hindi tumatalon? (Kimuell-Gabriel 2017, 40).

Gayundin, naniniwala ako na kung kakanan ang bayan, dapat na magbigay-babala ang PP. Kung ako lamang ang masusunod, gamit ang metapora ng karinderya ni Kimuell-Gabriel bilang ilustrasyon sa PP, ang dapat na lamang na pakainin dito ay ang mga nasa Gitna at Kaliwa. Ganito ang aking mapagpakumbabang rekomendasyon: patuloy sanang magsama ang mga panggitna at Kaliwang proponente ng PP, at humiwalay sa mga nasa Kanan. Hayaan ang mga nasa Kanan na magtayo ng sarili nilang karinderya kung saan nila ibebenta ang mga bulok nilang pagkain. Para kapag may nalason sa pagkain nila, hindi sa atin isisisi dahil hiwalay ang karinderya natin sa kanila.

Sa palagay ko ay kalabisan kung itatakwil ng mga Kaliwang nasa PP ang mga nasa Gitna, tulad din ng paniniwala ko na hindi rin dapat itakwil ng mga nasa Gitna ang mga nasa Kaliwa. Nais ko na lamang tapusin ang reaksyong ito sa pamamagitan ng muling pagsipi sa sinabi ni Kimuell-Gabriel (2017, 46): isentro natin ang pinakamalalakas na "bigwas" sa tunay na kaaway ng bayan—ang Kanan.

## Sanggunian

Claudio, Lisandro. 2013. Postcolonial Fissures and the Contingent Nation: An Antinationalist Critique of Philippine Historiography. *Philippine Studies* 61, blg. 1: 45-75.

Curaming, Rommel. 2016. Postcolonial Studies and Pantayong Pananaw in Historiography: A Critical Engagement. *Kritika Kultura* 27: 63-91.

Diokno, Ma. Serena. 1997. Philippine Nationalist Historiography and the Challenge of New Paradigms. *Diliman Review* 45, blg. 2-3: 8-13.

Guillermo, Ramon. 1999. Pook at Paninindigan sa Pagpapakahulugan: Pag-uugat ng Talastasang Sosyalista sa Kalinangang Bayan. M.A. tesis sa Araling Pilipino, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.

Guillermo, Ramon. 2003. Exposition, Critique and New Directions for Pantayong Pananaw. *Kyoto Review of Southeast Asia* 3, Marso.

Guillermo, Ramon. 2009. *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Hau, Caroline. 2014. Privileging Roots and Routes: Filipino Intellectuals and the Contest over Epistemic Power and Authority. *Philippine Studies* 62, blg. 1: 52-56.

Kimuell-Gabriel, Nancy. 2017. Ang Pantayong Pananaw at ang Usapin ng Agenda sa Harap ng Iba't Ibang Kilusang Pang-akademiko at Sosyo-Pulitikal. *Kalatas* 1: 32-47.

Maggay, Melba Padilla. 2004. *Transforming Society: Reflections on the Kingdom and Politics.* Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture.

Mendoza, S. Lily. 2006. *Between the Homeland and the Diaspora: The Politics of Theorizing Filipino and*

*Filipino American Identities*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House.

Reyes, Portia. 2008. Fighting Over a Nation: Theorizing a Filipino Historiography. *Postcolonial Studies* 11, blg. 3: 241-258.